

News

Magasin ng Multilingual na Impormasyon

Tagalog No.92



Ang panimula na kurso sa pagtuturo ng Japanese *Nihonggo* sa mga dayuhan ay inaalok ng Inuyama Japanese Training Volunteer Group na kasama ang Inuyama Japanese International Association. Ang kurso ay binubuo ng tatlong sesyon (3beses). Ang General sekretarya ng Kani International Exchange Association na si Ms. Kakamu Mayumi bilang isang lector siya ay nagturo tungkol sa paksa ng multicultural symbiosis at mga paraan para sa pag-aaral ng Nihonggo. Ang mga mag-aaral ay nahati sa grupo at nagkaroon ng malawak at masinsinan na talakayan tungkol sa dalawang paksa 「Ang tungkulin na gagampanan ng pag-aaral ng Nihonggo sa lokal na pamayanan 」 「Ang tungkulin para sa pagsuporta ng mga klase 」. Pinag usapan din ang pagaaral ng Nihonggo sa Inuyama para sa hinaharap.

《Nilalaman》

Espesyal na Paksa Ano ang kailangan mo malaman sa pagtira sa Japan . . . P. 2. 3. 4. 5

Pag-aaral ng Nihonggo . . . P. 5. 6

Notipikasyon mula sa Lungsod ng Inuyama . . . P. 7. 8

I I A na Balita . . . P. 9. 10

Bilang ng dayuhan na naninirahan sa Inuyama 2,318 katao (mula sa 41 na Bansa) ay binubuo ng higit kumulang 3.1% sa buong bilang ng populasyon ng Inuyama (74,286 katao)

1 Vietnamese 645 katao

2 Chinese 366 katao

3 Filipino 311 katao

(2018 taon 10 buwan 1 araw kasalukuyan)


Espesyan na Paksa

Tungkol sa pagtira sa Japan

Ang bawat isyu ay magtatampok ng paksa na dapat malaman tungkol sa pagtira sa Japan. At makikipagpanayam sa mga tamang tao na makakapagbigay ng tamang impormasyon tungkol sa paksa.

「Ano ang kailangan mo malaman sa pagtira sa Japan」

Ang Japan ay may mga batas at Sistema na iba sa inyong bansa. Dito sa bansang Japan, may tulong na matatanggap para sa pagpapalaki ng bata, medikal, pagsuporta sa pagtanda at iba pa. Ang pagtira sa bansang Japan, kailangan alamin ang pagpapalakad ng bansa, regulasyon, pamamaraan ng pagbabayad ng buwis. Kapag hindi ka nakapagbayad sa tamang pamamaraan ng buwis, may pagkakataon na magbayad ng multa at parusa na maaring kuwain ang inyong mga ari-arian. Para sa maayos at maginhawang paninirahan sa loob ng bansang Japan, tingnan sa ibaba ang ilan impormasyon na makakatulong sa matagumpay na pamumuhay sa Japan.



① Proseso ng Notipikasyon sa paglipat sa loob ng 14 na araw

- Sa pagsumite ng notipikasyon ng paglipat *tennyu todoke* sa lungsod ng Inuyama ay marerehistro sa resident record.
- Kailangan magparehistro para makaenroll ang inyong anak sa pampublikong eskwelahan*makapag apply para sa national health insurance • at makatanggap ng iba pang pampublikong serbisyo.

《Mga kailangan dapat dalin》

- ① Pasaporte
- ② Residence Card *Zairyu Card o Special Permanent Certificate
- ③ Katibayan ng relasyon sa puno ng pamilya, tulad ng sertipiko ng kapananganakan o kasal, orihinal at sinalin sa wikang Hapon.

※Kapag nairihistro ang residence status, Automatik na mag kakaroon ng My Number (Personal na numero). (Aabutin ng higit kumulang ng 2linggo hanggang~1buwan.)

※My Number(Personal na Numero), lahat ng nakatira sa loob ng Japan ay, (lahat ng may residenteng sertipikasyon o kard) ay magkakaroon ng 12digits na numero na tinalaga bilang para sa bawat isa.

② Proseso ng pag-aaply sa Pambansang Medikal na kasiguraduhan National Health Insurance

- Ito ay isang sistema na maaring magpatingin sa kahit saang doctor o hospital sa loob ng Japan ng walang inaalang gastusing medikal.
- Ito ay isang sistema na tumutulong na sumagot sa gastos pang medikal tulad ng sakit at pinsala.
- Ang mga taong walang seguro para sa medikal sa kanilang pinagtatrabahuhan, kinakailangan kumuha ng Pambansang Medikal na Kasiguraduhan. Ang halaga ng babayaran ay hinahati sa 10 kada buwan taon.



※Ang sertipiko ng kasiguraduhan *national health insurance card* ay ipapadala sa pamamagitan ng korneo *mail*. Siguraduhin na may pangalang ang inyong mail box upang ang magdadala ay madaling malaman ang inyong tirahan.

Para sa Katanungan
Health Insurance and National Pension
TEL:(0568)44-0328



③ Proseso ng Nasyonal na Pensyon/ Kokumin Nenkin *National Pension*

- Ang nasyonal na pensyon ang sumusuporta sa pagtanda mo.
- Ang kasalukuyang mga manggagawa ang nagbabayad ngayon para makakuha ng benepisyo ang mga matatanda.
- Lahat ng residente ng Japan na may edad na mula sa 20 anyos hanggang 59 anyos, anumang nasyonalidad ay kinakailangang sumali sa Sistema ng Nasyonal na Pensyon at dapat magbayad ng buwanang halaga. (Di kasama ang mga empleyado na nagbabayad ng pensyon at asawa nila.)

※Kung nahihirapan magbayad ng pensyon maaaring kumuha ng eksempsyon o hesitasyon ang bayad sa mga ilang kondisyon. Mangyaring makipag ugnayan at kumonsulta lamang.

※Pagkatapos sumali o mag-enroll sa nasyonal na pensyon higit kumulang 1 hanggang ~ 2 buwan, padadalhan kayo ng payment notice o form na galing sa Japan Pension Bank. At maari magbayad sa mga convenience store at sa ibat ibang pinansyal na institusyon. Maaari din direktang kaltasin mula sa account nyo sa banko o credit card.

Para sa katanungan
Health Insurance and National Pension
TEL:(0568)44-0327



④ Alamin ang Tungkol sa Buwis sa paninirahan /Resident Tax

- Ang buwis sa paninirahan ay sumusuporta sa mga pampublikong serbisyo, tulad ng sa pangungulekta ng basura, edukasyon, kawang gawa, pampublikong pasilidad, at mga administratibong serbisyo at kung anu-ano pa. Lahat tayo ay obligadong magbayad pareho maging buwis pang munisipyo o maging prefecture.
- Ang buwis ay ibabase sa nakaraang taon na kita.

※Walang sistema na maaring mababaan o natatawaran ang bayad ng buwis sa pamamagitan ng negosasyon.

<Para sa Katanungan tungkol sa mga Buwis>
Taxation Division
TEL:(0568)44-0314

<Para sa Katanungan sa Pagbabayad ng Buwis >
Revenue Division
TEL:(0568)44-0316

⑤ Alamin ang paraan at regulasyon sa pagtatapon ng basura

• Ang matutuhan ang paraan at regulasyon sa pagtatapon ng mga basura ay isang magandang hakbang para sa maayos na pamumuhay kasama ang mga kapit bahay. • Maaring tignan sa ibaba ang mga gabay na libro sa mga sumusunod na lengwahe. (Tagalog • Vietnamese • Chinese • Ingles • Portugesse • at Espanyol)

- ① Ang mga paraan ng paghiwa-hiwalay ng basura sa pag iingat para sa paghihiwalay ng nasusunog na basura • sa hindi nasusunog na basura.
- ② Mga lugar na dapat pagtapunan ng basura.
- ③ Araw ng paglabas at pagtapon ng basura

Para sa Katanungan Environment Division
TEL:(0568)44-0344



<Kapag may anak>

⑥ Proseso para sa allowance ng bata/ child allowance

• Ang allowance ng bata ay makukuha ng magulang o guardians ng bata hanggang sa pagtatapos ng Junior High School.
3 taon pababa nakatakda 15,000yen

3 taon hanggang sa pagtatapos ng elementarya 10,000yen (Pan 3 anak pataas ay magiging 15,000yen)

Junior high school nakatakda 10,000yen

※Ito ay buwanang halaga kada 1bata .

Para sa Katanungan
Childrens Future Division/Kodomo Mirai
TEL:(0568)44-0323



⑦ Proseso para sa Gastusin Medikal ng mga Bata/Child Medical Expenses

Ang mga bata na nakatira sa Inuyama City at nakarehistro pangkasiguraduhang Medikal ng Japan na may health insurance ay makakakuha ng libreng serbisyo at walang bayad.

○Libre at walang bayad hanggang matapos ng Junior High School.

○Mula 1st year High School~hanggang makapagtapos, may bahagyang pasanin na babayaran.

※「Hanggang makapagtapos ng Junior High School」、15 taong gulang sa hanggang Marso31.

※「Hanggang makapagtapos ng High School」、18 taong gulang sa hanggang Marso31.

Para sa Katanungan
Health Insurance and National Pension
TEL:(0568)44-0328

⑧ Proseso para sa pag aaply sa eskwelahan para sa nursery /hoikuen at Kodomo Mirai En

• Para sa mga magulang na gustong magtrabaho o nagtatarabaho na ,maaring ang kanilang anak ay ipasok sa nursery o sa kodomo mirai en.

Ang bayad ay nasasaad ayon sa kita ng mga magulang.

Para sa Katanungan
Childrens Future Division/Kodomo Mirai
TEL:(0568)44-0324

⑨ Proseso para sa pag aaply sa eskwelahan para sa Elementarya at sa Junior High School

• Kung gusto nyong pag-aralin ang inyong anak,maaring mag apply sa eskwelahang pang elementarya o sa Junior High School.
• Sapilitang Edukasyon sa Japan.

Elementarya 6taon (mula sa edad 6 na taon ~ hanggang 12 taong gulang)

Junior High School 3taon (pagkatapos magtapos ng Elementarya hanggang sa edad na 15 taong gulang)

• Para sa mga pamilyang may mababang sahod o kita mayroong Sistema na maaring tumulong sa bahagi ng mga gastusin para sa paaralan tulad ng bayad sa pagkain sa tanghali*kyushoku*at iba pang bayarin sa eskwelahan. (Kinakailangan ang aplikasyon)

Para sa Katanungan
School Education Division
TEL:(0568)44-0350



◎ Kung may hindi naiitindihan sa mga proseso o magkaroon ng problema mangyaring makipag ugnayan lamang sa mga tanggapan ng Lungsod, o maari rin komunsulta o makipag ugnayan sa tanggapan para sa mga banyaga.

※ Konsultasyon para sa mga Banyaga

Portuguese • Espanyol/Tuwing Biyernes, 13 : 00~16 : 30

Tagalog • Ingles • Chinese/Tuwing Unang Biyernes ng Buwan , 13 : 00~16 : 30

◎ Lugar : Sa lahat ng lenggwahe, sa unang palapag ng Lungsod ng Inuyama Silid konsultasyon.

《Pag-aaral ng Nihonggo》

Para sa pagsuporta sa mga banyagang residente ng Japan, may pag aaral ng wikang Nihonggo para makatulong sa pang araw araw na pamumuhay. Dito sa Inuyama, ipapakilala namin sa inyo ang 「Inuyama Nihonggo Kyoushitsu」 at 「Shake Hands」.

「Inuyama Nihonggo Kyoushitsu」

Pangalan ng Klase : Inuyama Nihonggo Kyoushitsu

Target : Matatanda

Bayad : 500 yen kada buwan

Petsa at araw ng aktibidad : Tuwing Linggo / 10 : 00 ~ 11 : 45

Nilalaman ng Pag-aaral : Ang pagsunod sa aralin aklat pagkatapos ng pagsusuri sa level ng mga mag-aaral.

Lugar : Inuyama International Sightseeing Center「Freude」

Paraan ng pag aaply : Direktang pumunta sa araw o maari ring tawagan ang Inuyama International Exchange Association.

Ang first na tao mangyaring pumunta lamang ng 9 : 45.

Para sa Katanungan : Inuyama International Association TEL : (0568)61-1000

Mail : iaa@grace.ocn.ne.jp



「Shake Hands」

① Pangalan ng Klase : Minna no Nichiyō Juku

Target : Matatanda (Maaring sumali ang mga magulang at bata) ※May childcare ito ay kinakailangan ng reserbasyon.

Bayad : Libre at Walang Bayad

Petsa at araw ng aktibidad : Tuwing Linggo / 10 : 30 ~ 12 : 30

Lugar : Terakoya Shake Hands

Inuyama Shi Aza Wakamiya80-4 (Gakuden)

(Katabi ng Inuyama City hall Gakuden Syuchojyo)

② Pangalan ng Klase : Seikatsu ni Hitsuyouna Nihonggo Kyoushitsu

Target : Matatanda

Bayad : Libre at Walang Bayad

Petsa at araw ng aktibidad : Higit sa lahat *mainly*

(Higit sa lahat Linggo / 10 : 30 ~)

Lugar : Pamublikong mga pasilidad ng Lungsod

(Higit sa lahat *mainly* sa Gakuden Fureai Senta, Inuyama Kokusai Kankou Senta 「Freude」、Terakoya Shake Hands)



③ Pangalan ng Klase : Tabunka Kosodate Saron

Target : Mga maliliit na bata at magulang

Bayad : Libre at Walang Bayad

Araw : Enero 20, at 27. Pebrero 16 *1/20, 1/27, 2/16*

Lugar : Gakuden Fureai Senta



④ Pangalan ng Klase : Okaerinasai Juku

Target : Elementary at Junior High School na residente ng Inuyama .

(Maaring sunduin sa eskwelahan)

Bayad : 500 yen kada buwan , *para sa snack • bayad sa kopya*

Petsa at araw ng aktibidad : Tuwing Huwebes / 15 : 00 (Pagkatapos sa eskwelahan) ~ 18 : 00

Lugar : Gakuden Fureai Senta



⑤ Pangalan ng Klase : Nijiiro Terakoya

Target : Mga nakatira sa malapit na ang edad ay mula sa 5 taon

Hanggang sa High School.

Bayad : Tatlong beses kada Linggo 2,000 yen /kada buwan

Petsa at araw ng aktibidad : Tuwing Lunes • Martes • Biyernes 16 : 00 ~ 21 : 00

Tuwing Sabado 10 : 00 ~ 14 : 00

Lugar : Terakoya Shake Hands



⑥ Pangalan ng Klase : Preschool

Target : Mula 3 taon ~hanggang 5 taon gulang

Bayad : Walang Bayad

Petsa at araw ng aktibidad : Tuwing araw ng Biyernes 15 : 15 ~ 16 : 15

Lugar : Gakuden Kodomo Miraie

○Para sa mga Katanungan : Shake Hands TEL:090-9940-2939 16:00 pagkatapos(0568)39-5266

Mail : info@shake-hands.jp

※Mula numero ④~hanggang ⑥ para sa mga bata, Nihonggo + suporta sa pag aaral + ekperensya sa pag aaral (Lipunan • Kalikasan)

※Mula numero①~hanggang③ para sa mga matatanda, kasama ang pagbasa at pagsulat sa pagtuturo ng Nihonggo, mga impormasyon na kinakailangan sa pang araw araw na pamumuhay.

Notipikasyon mula sa Lungsod ng Inuyama

◇Pag aabiso sa suplay ng tubig sa lalong madaling panahon◇

Kung nais itigil ang paggamit sa serbisyo ng tubig sa kadahilanan ng paglipat o gustong simulan ang serbisyo ng paggamit ng tubig ,nagbago ang user o ang gagamit ng serbisyo ,mangyaring kontakin lamang ang Suidou Okyakusama Senta sa madaling panahon.Maaari din tawagan para sa abiso.

Suidou Okyakusama Senta TEL (0 5 6 8) 6 1 – 8 7 1 1

◇Paghahanda ng Tubo ng Tubig para sa Taglamig◇


●Mag ingat sa pagbaba ng temperature sa Gabi

Kapag ang temperatura ay bumababa ng mas mababa sa -4 digri sentigrado,ang mga tubo ay maaring magyelo o pumutok ng walang kinuhang pangkontra.Ang mga sumusunod ay ang mga pagkakataon na madalas nangyari kapag ang mga tubo ay nagyelo at pumutok.

- ① Kapag ang tubo ay nakalantad o nakalabas.
- ② Kapag ang tubo ay nakalagay sa Hilagang bahagi o posisyon ng inyong bahay.
- ③ Kapag ang tubo ay direktang na hahangin ng malakas.

●Paano Panatiliing mainit ang inyong mga tubo

- | | | |
|--|---|---|
| ① Balutin ng isang panlaban sa yelo ang gripo at tubo paakyat sa bibig ng kung saan lumalabas ang tubig. Balutan ang gripo ng katulad sa nakikita sa larawan . | ② Balutin muli ang gripo at tubo ng isang tuwalya o piraso ng tela.Pagkatapos upang hindi mabasa balutan ng vinyl na plastic sa ibabaw. | ③ Pasakan ng ilang pirasong tela at sa itaas itakip ang karton upang maiwasan ang pagyeyelo.
※Siguraduhin na nababasa pa rin ang metro ng tubig. |
|--|---|---|



●Kapag ang tubo ay pumutok o sumabog

Una ,isarado ang stopcock na makikita sa loob ng metro at isarado ang gripo ng tubig,tumawag ng tubero na nakatalaga sa pag aayos ng suplay ng tubig sa Lungsod ng Inuyama para pag aayos ng (Construction) ※May bayad ang paggawa.

●Kapag ang tubo ay nagyeyelo at walang lumalabas na tubig

Takpan ng tuwalya o tela ang nagyeyelong bahagi at sa taas ay dandahan na buhusan ng maligamgam na tubig upang matunaw ang yelo.Kapag mainit na tubig ang ibinuhos tayo ay mag ingat dahil maaaring mabiyak o maglika ang tubo ng tubig.



▼Para sa Katanungan Kontakin ang Munisipyo ng Inuyama Dibisyon para Pinagmumulan ng Tubig

TEL (0 5 6 8) 6 2 – 9 3 0 0

1 Magbayad tayo ng taxes o Buwis

Dito sa Japan , kinakailangan magbayad ng buwis.


May ibat ibang uri ng buwis,katulad ng residenteng buwis,buwis para sa maliliit na sasakyan、 buwis para national insurance at iba pa.

Kapag ang buwis na babayaran ay naipasya na mula sa City Hall may ipapadalang form of payment or payment slip sa magbabayad ng buwis o sa tax payer.Kapag natanggap ang payment slip mangyaring bayaran lamang ang buwis sa nabanggit na petsa na nakasulat, deadline date of payment,kapag hindi nabayaran sa eksaktong due date ,maaring magbayad ng kaukulang dagdag na bayad ng buwis.

2 Paraan ng pagbabayad ng buwis、 Ang pamaraan ng pagbabayad ay ang mga sumusunod

- ① Ang pagbabayad ay maari sa convenience store at ibat iba pang pinasyan na istitusyon na nakasulat gamit ang payment slip .
- ② Para sa mga pinansyal na institusyon,maaring direktang kaltasin mula sa account nyo sa banko.

【Paraan ng pag aapply】



Ito lamang ang gagawin na pamamaraan at tapos na ! Mangyaring gamitin.

3 Impormasyon para sa pagbabayad ng buwis sa araw ng pistang opisyal

- ▼ Oras : Tuwing ika 2 、 4 ng Linggo ng buwan 9 : 00~12 : 00
- ▼ Lugar : Unang palapag ng main building ng Inuyama Seksyon ng Pangungulekta ng Buwis
- ▼ Mga serbisyo sa araw ng pistang opisyal:
 - Ang pag re-reissue ng form ng pag-babayad ,pagbabayad ng buwis.
 - Konsultasyon para sa paraan ng pagbabayad.
 - Pagbibigay ng Sertipikasyon ng katibayan ng pagbabayad ng buwis sa Lungsod ng Inuyama.
- ▼ Kung nangangailangan ng Konsultasyon :

Lungsod ng Inuyama Lunes hanggang Biyernes 8 : 30~17 : 15 mangyaring humingi lamang ng appoitment sa Seksyon ng Pangungulekta ng Buwis. Maliban sa araw ng (Sabado Linggo, pistang opisyal New Years Holidays (12/29~1/3))ay wala po.

Para sa Katanungan Seksyon ng Pangungulekta ng Buwis

TEL (0 5 6 8) 4 4 – 0 3 1 6 Nagkokolekta ng bayad (Pagkonsulta sa pagbabayad ng buwis)

TEL (0 5 6 8) 4 4 – 0 3 1 7 Administador (Sa mga katanungan tungkol sa direktang pagkaltas sa banko)

I I A na Balita

Pinapakilala ang bagong membro ng Inuyama International Association na si Katharina · Kaufmann



mula sa Germany.
Mabuhay, Ang pangalan ko ay
Katharina Kaufmann na mula
sa Germany na malapit sa
bayan ng
Berlin. 2018, Agosto ng ako
ay maging bagong coordinator
para Internasyonal na
Relasyon sa Lungsod ng
Inuyama. Una akong

nakarating sa Japan sa edad 16 anyos at nag-aral sa Tokyo
bilang exchange student sa loob ng isang taon. At doon ko
nagustohan ang Japan. 2 taon na ang nakalipas ng ako ay
magsanay at nagkaroon ng interes sa KYUDO *Japanese
Archery* hanggang ngayon ako ay nagsasanay at
pumupunta sa Kyudo Lesson sa Inuyama. Ako ay
nagagalak na makita at makilala kayong lahat. Maraming
Salamat Po.

Ika 10 taunan ng WORLD T E A T I M E

Ipagdidiwang ang ika-10 taon ng WORLD T E A T I M E.
Halinat makisaya para matikman ang ibat ibang uri ng tsyaa
*tea at uri ng confectionaries ng buong mundo. Atin din
maramdaman ang kultura ng ibat ibang bansa. Inaasahan po
naming ang inyong pagdalo.

Petsa : Linggo, ika 17 ng Pebrero, 2019

Oras : 12 : 00 ~ 16 : 00

(Hanggang 15 : 00 pwede pumasok)

Lugar : Inuyama International Sight seeing Center「Freude」
4 F Freude Hall

※Para sa mas detalyadong impormasyon maaring bisitahin
ang homepage ng
Inuyama International
Association.



Libreng Konsultasyon para sa mga Banyaga

Ikaw ba ay may problema sa araw araw na pamumuhay o
trabaho sa Japan? Ang City Hall ay nagbibigay ng mga
suporta para sa aplikasyon at proseso. Maari rin magbigay ng
mga impormasyon na makakatulong sa pang araw araw na
pamumuhay dito sa Japan. Ang mga paksang pag-uusapan
ay gagawin pribado, huwag kayong mag-atubiling
komunsulta sa amin.

Lugar : Unang Palapag ng Inuyama City Hall Silid
Konsultasyon

Oras : 13 : 00 ~ 16 : 30

Araw : Espanyol · Portuguese (Tuwing Biyernes)

Tagalog · Ingles · Chinese (Tuwing unang Biyernes ng
buwan)

Nilalaman ng Konsultasyon : Lahat ng mga serbisyo tungkol
sa operasyon ng City Hall

Reserbasyon : Hindi na kinakailangan

Para sa Katanungan : Inuyama City Hall International
Sightseeing Division TEL (0568)44-0343

※ 8 : 30 ~ 17 : 15 Maliban sa araw ng Sabado, Linggo at
araw ng Piyestang Opisyal < ay wala po.

Ang Inuyama International Association ay nakatanggap ng Paranggal para sa International Education Support and Social Contribution

Mula taon 1995 ang Inuyama International Association ay

sumusuporta sa Darunee. Ang Educational Development Foundation *EDF*International ay matagal ng organisasyon na sumusuporta sa scholarship sa mga overseas para sa edukasyon at sa pandaigdigang kapayapaan at pagpapagaan o mabawasan ang kahirapan o mahihirap. Nag papasalamat ng marami sa lahat ng tao dahil sa natanggap na paranggal. Hinihingi ang pagpapatuloy na pagsuporta sa hinaharap.



Naghahanap ng mga postcards na hindi na kailangan kahit may sulat

Sa Inuyama International Association ay naghahanap ng mga post cards na hindi na kailangan kahit ito ay may sulat o may mali. Basta hindi pinadala. Ang mga postcards na makokolekta ay ipapalit ng pera at itutulog sa pagsuporta sa edukasyon ng mga bata sa Laos • Cambodia • Thailand • Myanmar • Vietnam sa pamamagitan ng Darunee Scholarship 「Education Development

Foundation*EDF*-International」.

Taon 2017. Ang IIA ay nakakolekta ng 5 0 2 piraso ng hindi kailangan na postcard ang nakolekta, at ang nalikom na salapi, total ay 37,309 yen. Ito ay binigay bilang donasyon sa Darunee Scholarship. Ito ay katumbas ng 2 taon na matrikula ng isang batang Junior high school sa Thailand. Hiniling po ang inyong patuloy na pakikipag tulungan at suporta sa hinaharap.

Mga kahon para sa mga hindi na kailangan na postcards :

Inuyama International Sightseeing Center「Freude」、


Inuyama City Hall、

BawatSanggay (Joto, Haguro, Gakuden, Ikeno)



Panahon ng paglalagay : Kahit kailan*anytime*

Mga bagay na kokolektahin : Mga hindi nagamit na post card, Hindi nagamit na selyo, at telephone card



Ang layunin ng magasin na ito ay maging kapakipakinabang

Para sa mga banyagang nakatira dito, wala ka bang mga problema? Ang layunin ng magasin na ito ay para makapagbigay ng kapaki pakinabang na impormasyon para sa mga banyaga. Kung ikaw ay may paksang gustong matutuhan o, malaman pa ng higit , mangyaring ipagbigay lamang sa miyembro ng Inuyama International Association.

Inuyama NewsLetter Published by Inuyama City Hall 〒484 - 8501 Aichiken Inuyamashi Oaza Inuyama Aza Higashihata 36

Edited by **Inuyama International Association**

〒484 - 0086 Aichiken Inuyamashi matsumotocho4-21

Inuyama International Tourism Center 『Freude』

TEL : (0568) 61-1000

FAX : (0568) 63-0156

HP : <http://iiea.info>

E-mail : iia@grace.ocn.ne.jp

Staff : (English) Kusakabe Kazuro, Shibata Atsuyuki, Yasumura Megumi, Steve McGuire, Uchimura Hidetomo
(Spanish) Carlos Tawara, Ruiz Bulnes Ricardo Arturo, Kuwagaki Michelle
(Portuguese) Marcos Yara, Bruno Sueishi
(Chinese) Fujimura kaen, Harita Misako, Sun jiao, Ten ru, Fukuta kazue
(Vietnamese) Hoang Manh Cuong, Vu Thi Ngoan